

# NIZ Balitaan

National Impact  
Zone sa N.E.  
patuloy sa  
masidhing... p2

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National Impact Zone

## Dairy Safety Regulations para sa progresibong maggagatas at protektadong mamimili

Ni Ma. Cecilia Irang

Sa nalalapit na pagsasakatuparan ng *Dairy Safety Regulations* sa ilalim ng *Food Safety Act of 2013*, may mga responsibilidad at gampaning kailangang pagtuunan ng pansin at sundin ang mga magsasakang maggagatas at iba pang mga sangkot sa industriya ng paggagatasan.

Ilan sa mga ito ay alinsunod sa layunin ng *Dairy Safety Regulations* na maprotektahan ang mga mamimili mula sa hindi ligtas at mababang kalidad na gatas na napoprodyus ng bansa. Layon din nitong mapataas ang kakayahan ng mga sangkot sa paggagatasan na matiyak na ligtas na maisapamilihan ang mga produktong gatas.

Nagsisilbing *regulatory agency* ang National Dairy Authority (NDA) para sa produksyon ng sariwang gatas hanggang *post-harvest handling* habang ang Food and Drug Administration naman ang responsable para sa *post-harvest process* o kung halimbawang *napasteurize* na ang gatas.

Bilang tugon sa regulasyong ito, patuloy ang pagbibigay ng pagsasanay at *seminar workshops* ukol sa *Dairy Safety Regulations and Standards cum Record Keeping* ng Philippine Carabao Center (PCC) para sa mga maggagatas na inaasistehan nito.

Ang mga *seminar-workshops* na ito ay bahagi rin ng proyektong "Milk Quality and Safety Assurance from Farm

Sundan sa p.3



Si Almario Benitez habang ginagatasan ang kanyang kalabaw.

## Pamanang Pinagyaman

Ni Charlene Joanino

**May kasabihang "angedukasyon ay pamanang 'di mananakaw". Nguni't para kay Almario Benitez, 41, ng Brgy. Porais, San Jose City, bukod sa edukasyon, ang paggabay ng sariling ama sa kanya na mahasa ang kanyang kakayahang magbukid at maggatas ay pamanang tunay na 'di matatawaran.**

Taong 2000 nang magsimulang tulungan ni Benitez ang ama sa pag-aalaga ng kalabaw. Isa ang kanyang ama sa unang naging miyembro ng Simula ng Panibagong Bukas Cooperative na ngayo'y Multi-Purpose Cooperative (SIPBU-MPC) na.

Ang ama niya noo'y nakatanggap ng pahiram na kalabaw mula sa PCC. 'Di kalaunan, pinagkalooban din siya ng kanyang ama ng sariling kalabaw na aalagaan.

Paglalahad niya, isang malaking hamon ang pag-aalaga ng kalabaw lalo pa't wala pang pumapasok na kita habang bulo pa lamang ang kalabaw. At dahil walang kita at ipon, naranasan niya noon na mangutang ng pera para sa panganganak ng misis sa kanilang panganay.

"Di ko malilimutan 'yong sinabihan ako na manganganak na 'yung misis ko tapos wala naman ako naipon," ani Benitez.

Sa halip na panghinaaan ng loob ay nagsilbi itong motibasyon sa kanya upang lalong pag-igihin ang pag-aalaga ng kalabaw.

Inabot ng kulang tatlong taon bago siya nagsimulang umani ng gatas mula sa kanyang kalabaw. Laking tuwa niya aniya nang dinggin ng Diyos ang kanyang panalangin at pinalad siyang magkaroon ng buntis

na kalabaw sa magkakasunod na taon. Laking pasasalamat din niyang halos babae lahat ang naging anak ng mga kalabaw niya.

Mula sa isa, umabot na ngayon sa mahigit na 10 kalabaw ang pagmamay-ari ni Benitez. Inaalagaan din niya ang ilang kalabaw ng mga kapatid at inang nangalabawan na rin. Kung susumahin, mahigit 32 lahat ang nasa pangangalaga ni Benitez.

Upang mas mapadali ang paggagatas, katuwang ni Benitez ang asawang si Sheryl sa gawain. Ayon kay Sheryl, kumikita sila ng humigit-kumulang sa Php800-Php900 kada araw sa anim na kalabaw.

Ikinuwento naman ni Benitez na minsan ay kinilala sila ng SIPBU-MPC bilang maggagatas na may

Sundan sa p.2



# National Impact Zone sa N.E. patuloy sa masidhing pagkakalabawan

Ni Wilma Del Rosario



Ilan sa mga batang benepisyaryo ng milk supplementation program.

**Hinirang na National Impact Zone (NIZ), ang lalawigan ng Nueva Ecija ay tampok ngayon sa pag-aalaga at pagpapalaganap ng gatasang kalabaw bilang isang industriya na tiyak na pinagkakakitaan ng mga magsasaka.**

Nagsimula ang programang ito noong 1999 sa pamamagitan ng pagpapahiram ng mga purong gatasang kalabaw na nagmula pa sa bansang Bulgaria, Brazil at Italy.

Sa kasalukuyan, mayroong humigit kumulang sa 3,900 ulo ng mga gatasang kalabaw na nasa pangangalaga ng halos 700 mga magsasaka. Ang mga magsasakang ito ay kasapi sa 48 *dairy cooperatives* o dili naman kaya ay mga asosasyon sa 19 na bayan at siyudad ng probinsiya.

Sa mga datos na nakalap, umaani na ng sapat na gatas ng kalabaw ang mga miyembrong magsasakang-maggagatas.

Gayunman, mayroon din silang mga suliraning-teknikal na pinagdaraan tulad halimbawa ng mahabang pagitan ng panganganak ng mga kalabaw. Kung minsan din ay mababa ang inaang gatas mula sa kanilang gatasang kalabaw dulot ng kulang at di-tamang pakain. May pagkakataon din na mababa ang kalidad ng gatas na naaani na nagiging sanhi ng pag-ayaw ng mamimili dahil hindi pumapasa sa “quality test”.

Noong taong 2017, ang PCAARRD

ay tumulong sa mga magsasaka ng Nueva Ecija upang mapataas ang produksiyon ng gatas at mapaigsi ang pagitan ng pagbubuntis ng mga kalabaw sa pamamagitan ng programang *Enhancing Milk Production of Water Buffaloes through S&T Interventions*.

Ang programa ay mayroong apat na proyekto upang matulungang pataasin ang produksiyon ng mga kasaping maggagatas sa loob ng tatlong taon mula 2017 hanggang 2019. Ang mga ito ay: “Project 1: Development of Feeding Protocols and Practices to Support the Nutritional Requirements of Dairy Buffaloes”; “Project 2: Development of Reproductive Management Program for Increased Efficiency of AI in Dairy Buffaloes”; “Project 3: Development of Health Care Technologies and Practical Farm Practices in Support of Increasing Buffalo Milk Production”; at “Project 4: Milk Quality and Safety Assurance from Farm to Milk Processing Plant”.

Sa kasalukuyan, ang NIZ sa lalawigan ng Nueva Ecija ay mayroon nang kakayahang umani ng maraming gatas ng kalabaw. Halimbawa, mula Enero hanggang Setyembre lamang ng taong ito ay umabot na sa kabuuang 911,023.72 litrong gatas ang inani. Ang napagbilhan sa aning ito ay umabot sa Php46,140,530.44 na naging malaking tulong para pami-pamilya ng mga magsasakang-maggagatas.

Dahil sa tulong ng PCAARRD, ang inaang gatas ay tumaas ng halos 115 porsiyentomulasa 792,891.95 nainani

mula Enero hanggang Setyembre ng taong 2017. Ang kabuuang halaga lamang ng napagbentahan noon ay Php19,999,935.52.

Ayon sa ginawang pag-aaral, tumaas ng 231 porsiyento ang napagbentahang gatas ng kalabaw ngayong taong ito kumpara nang nakaraang taon.

Samantala, ang produksiyon o bilang naman ng bulo na naipanganak ngayong 2018 ay umabot sa 516. Ito’y higit na mataas kung ihahambing sa mga ipinanganak na mga bulo noong 2017 na umabot ng 382 lamang.

Ang mga ipinanganak na bulo ngayong taong ito ay tumaas ng halos 135 porsiyento kung ihahambing sa tala noong 2017.

Dagdag na tulong sa mga taga Nueva Ecija ay ang ginanap na *milk supplementation program* para sa kabuuang 2,132 na Grade I na mga bata sa Nueva Ecija.

Sa pamamagitan din ng inaning gatas ng mga magsasaka ay napagkalooban ng libreng gatas ang 479 na mga bata na mula sa anim na mababang paaralan sa San Jose City at 492 na mga bata naman mula sa 12 na eskwelahan sa Science City of Muñoz. Sila ay pinagkalooban ng maiinom na libreng gatas sa kabuuang 204 na araw o simula sa unang araw ng pasukan hanggang sa matapos ang taong panuruan.

Samantala, sa mga bayan ng Lupao at General Natividad, umabot sa 500 mga bata na nasa Grade I mula sa 15 iba’t ibang paaralan at 661 na mga bata mula sa 19 na paaralan ayon sa pagkakasunud-sunod, ang napainom ng libreng gatas.

Sa bayan naman ng Carranglan ay 538 na mga bata mula sa 13 na paaralan ang napainom ng gatas sa ilalim ng programa.

Ang *milk supplementation program* ay isinagawa sa pamamagitan ng isang pananaliksik upang malaman ang tulong na nagagawa ng gatas ng kalabaw para sa kalusugan ng mga batang nasa Grade I mula sa iba’t-ibang bayan at siyudad ng Nueva Ecija. ●

## Pamanang...

mula sa p.1

pinakamaraming naiprodyus na gatas sa loob ng isang taon. Ito aniya iyong panahong nakakukuha siya ng 7 hanggang 8 litro mula sa isang kalabaw lang.

Itinuturing ni Benitez ang kanyang kumikitang negosyong kalabawan na bunga ng ‘di birong pagpapagal. Dati, naaalala pa niya, araw-araw silang naglalakad ng kanyang asawa papunta sa koral ng mga kalabaw.

“Di pa sementado noon ang lugar na ito kaya talagang nilalakad lang namin. Kaya noong minsang bumagyo at tumaas ang tubig ay talagang nahirapan kami sa pagbitbit ng nakolektang gatas,” pagbabalik-tanaw ni Benitez.

Dagdag niya, kalimitang alas kuwatro ng umaga ang simula ng araw niya at ng asawa. Pagkatapos na maiayos ni Sheryl ang mga kakailanganin ng dalawang anak sa eskwela, ay lalakad na silang mag-asawa papunta sa koral ng mga alagang kalabaw. Bitbit nila ang mainit na tubig na pangkape kasama na ang kanilang umagahan na kanilang pagsasaluhang mag-asawa makaraang maggatas.

Para kay Benitez, parang anak kung ituring nila ang kanilang mga alagang kalabaw dahil sa ganansiyang naibibigay nito sa kanilang buong pamilya.

Sa ngayon, buhat sa kita sa gatas ay nakabili na ng kolong-kolong si Benitez na kanyang ginagamit sa pag-aangkat ng gatas.

Kaugnay ng negosyong gatasan, diin ni Benitez, malaking tulong ang pagsali niya sa SIPBU-MPC dahil naging daan ito upang makakuha siya ng karagdagan kalabaw mula sa PCC. Binigyang importansiya rin niya ang pagkaloob ng PCC ng mga kalabaw at iba pang tulong-teknikal na siyang dahilan kung bakit may mainam na kabuhayan ngayon ang mga miyembro ng kooperatiba.

Balang araw, aniya, mapag-aaral at mapagtatapos niya at ng kanyang asawa sa kolehiyo ang dalawang anak sa kursong nais ng mga ito.

Sa kanilang pagtanda, plano ng mag-asawa na ipamana ang mga kalabaw sa mga anak. Kaakibat nito ang mayamang karanasan at kaalaman na siyang dahilan kung paano niyang napaunland ang pamana ng ama. ●



## Negosyong gatasan sa Palayan City, sumusulong dahil sa masidhing pagpupunyagi, pagbabahagi

Ni Charlene Joanino



Si Domingo Martinez habang dinadalaw ang kanyang mga alagang kalabaw.

**“Nakita ng marami na sadyang may pag-asenso sa paggagatas. Kaya naman, dala ng naisin namin na umunlad din ang iba, inorganisa namin ang Sustainable Carabao Owners Association (SCOA).”**

Pahayag ito ni Domingo Martinez, ng Palayan City, Nueva Ecija, na siyang nanguna sa pagtatag ng nasabing asosasyon.

Sa kanyang mahigit na isang dekadang pagsuong sa paggagatasan ay mapatutunayan ang kanyang tagumpay sa negosyong ito. Dati-rati’y namamasukan lang siya bilang taga-maneho ng sasakyang pang-angkat ng gatas ng Nueva Ecija Federation of Dairy Carabao Cooperatives (NEFEDCCO), ngayo’y sinasarili na niya ang pag-angkat ng gatas mula sa mga may-ari ng mga gatang kalabaw bilang kanyang negosyo.

Ini-rehistro niya ang kaniyang negosyo bilang Martinez Dairy Farm. Nag-alaga rin siya ng gatang kalabaw na ngayo’y umaabot na sa 40 ang bilang. Dahil sa naipakita niyang pagtatagumpay, marami ang na-engganyo sa kanyang mga ka-barangay na magkalabawan din.

Mula sa indibiduwal na mga magsasakang nais maging tulad din ni Martinez ay nabuo nga ang SCOA.

Bilang magsasakang maggagatas, nakita ni Martinez ang kahalagahan ng pagkakaroon ng kooperatiba. Alaala niya na dating miyembro siya ng NEFEDCCO sa Talavera noon.

Nakita niyang may magandang kinabukasan sa paggagatas kung kaya’t nang mabigyan ng pagkakataon ay sumuong siya sa gawaing ito.

Isa nga si Martinez sa mga masuwerteng miyembro na napahiraman ng kalabaw mula sa PCC. Nagtuluy-tuloy naman ang pagdami ng kanyang kalabaw dahil na rin sa kanyang pagsisikap at pagpupunyagi.

“Ang masasabi ko ay napakaganda at malaking tulong ang programa ng PCC na mapahiraman ang mga magsasaka na bahagi ng koop o asosasyon ng gatang kalabaw. Ako’y nagpapasalamat dahil sa paggagatasan ay umasenso talaga ang buhay ko,” paglalahad ni Martinez.

Lumipat si Martinez sa Palayan City upang mas matutukan ang pagkakalabaw. Tumira siya sa lupaing pagmamay-ari ng kanyang ama na kung saan ang ilang bahagi ng ilang ektaryang lupain ay kanyang pinagsusugahan. Nagpagawa rin siya ng koral ng kanyang mga alagang hayop.

“Nang lumipat kami dito, kubo lang ang bahay namin. Ngayon konkreto na,” masayang ibinahagi ni Martinez.

Siya’y nakapagpundar na rin ng kolong-kolong at dalawang *four-wheeled* na sasakyan. Mayroon na rin siyang mga katiwalang tumutulong sa kanyang negosyo.

Kayang kumita ni Martinez ng aabot sa Php1,000 hanggang Php1,200 kada araw buhat sa gatas na kaniyang

inaani mula sa lima hanggang pitong kalabaw. Ibinibenta niya ang gatas sa halagang Php55- Php60 kada litro.

Buhat sa kita ay natutustusan niya ang pangangailangan ng pamilya sa pang-araw-araw, napag-aaral ang mga anak at nakapagtatabi pa siya ng perang magagamit sa oras ng pangangailangan.

Kanyang malugod na binahagi na napagtapos na niya ang panganay na anak ng kurso bilang isang *seaman*.

Bunga nga ng tagumpay ni Martinez, siya’y nagsisilbing halimbawa sa pag-angat sa pamumuhay sa tulong ng negosyong gatasan. Na-engganyo niya ang mga sumaping miyembro sa SCOA na sumuong sa pagkakalabawan. Nitong nakaraang Agosto, 11 sa mga miyembro ang masuwerteng nakakuha ng pahiram na kalabaw mula sa PCC.

Sa kasalukayan, gatas pa lamang ang produkto ng SCOA. Tinitingnan nina Martinez sa hinaharap ang posibleng pagproseso ng gatas upang makagawa ng produkto gaya ng *pastillas* at *ice cream*.

Tunay ngang malayo na ang narating ni Martinez. Mula sa pangangarap na magkaroon ng kalabaw noon habang siya’y namamasukan pa lamang, siya’y matumpay nang magsasakang-maggagatas.

At, hindi naman siya maramot na ibahagi rin sa iba ang natutunan niyang mga kaalaman at karanasan upang sila ri’y magtagumpay na katulad niya. ●

## Dairy Safety...

mula sa p.1

to Milk Processing Plant” ng PCC at Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD) na pinangungunahan ni Mina Abella, *supervising science research specialist* ng PCC.

Nagsagawa rin ng *public consultation* ang NDA at PCC noong nakaraang Marso para talakayin ang mga isyu hinggil sa regulasyon na naging sanhi upang rebisahin ang ilang mga probisyones na nakalahad dito.

Ito ay dinaluhan ng mahigit 100 magsasakang maggagatas, miyembro ng kooperatiba, *middlemen, managers, at private entrepreneurs*.

“Sa gabay ng National Impact Zone team ng PCC, natulungan namin ‘yong mga maggagatas na inaasistehan natin na makagawa ng *dairy farmer profile* na isa sa mga kailangan para mairehistro sila. Kahit ilan ang alaga nilang gatang hayop (kalabaw, baka, kambing) basta naggagatas sila at nagbebenta, kailangan magparehistro sila sa NDA,” ani Abella.

Nakasaad sa *Dairy Safety Regulations* ang *mandatory registration* sa NDA ng lahat ng mga tagapangasiwa at tagapamahala ng mga kabuhayan at negosyong salig sa paggagatasan kabilang na ang lahat ng *farms at milk collection centers*.

Ang hindi pagrehistro sa NDA ay batayan para hindi sila maisyuhan ng *Certificate of Compliance (COC)* at *License to Operate (LTO)*.

Makapagsisimula o makapagpapatuloy lamang silang patakbuhan ang kanilang negosyo kung maisyuhan na sila ng COC para sa *dairy farms* at LTO para sa Milk Collection Centers/Chilling Facilities.

Target ng NDA na maaprubahan ang *Dairy Safety Regulations* sa loob ng taong ito. Pagkatapos maaprubahan, bibigyan ng dalawang taon ang mga maggagatas para tumalima sa regulasyon. ●

# iASK

inyong alamin solusyong kaya natin!



Department of Agriculture

**PHILIPPINE CARABAO CENTER**

CERTIFIED: ISO 9001 | ISO 14001 | OHSAS 18001

## Paano mapa-aangat ang kalidad ng dayaming pakain sa kalabaw? Ano ang *Urea Molasses Mineral Solution (UMMS)*?

Nina Perla Florendo, Daniel Aquino, Nomer Garcia

Salin sa Filipino ni Perla Florendo

Ang dayami ng palay ay nabibilang na pakain sa mga kalabaw na mayaman sa hibla (*fibrous carbohydrates*) nguni't mababa ang taglay na protina (3% to 5%). Mahirap itong lusawin ng mga mikrobyo sa rumen. Ang *urea molasses mineral solution* (UMMS) ay isang suplementong angkop para pataasin ang sustansiya ng mga tirang bagay mula sa bukid (*crop residues* o pinaggapasan) na tulad ng dayami.

Ayon sa pag-aaral, na isinagawa sa mga gatasang kalabaw noong 2005 at 2006 sa PCC sa Central Luzon State University (CLSU), ang pagdidilig ng UMMS sa dayaming pagkain ng kalabaw ay nakapagpapanatili ng mataas na gatas sa panahon ng tag-init. Ang paggamit ng UMMS at konsentreyts na 12% CP ay magpapababa ng *feed cost*.

Ang UMMS ay nagtataglay ng mga pinagsama-samang sangkap gaya ng pulot, pataba (*urea*), mga mineral at tubig upang itaas ang kalidad (*feeding value*) ng dayami. Ang pulot na sangkap na sagana sa enerhiya at mga minerals ay nagpapagana sa kalabaw na kumain at uminom ng maraming tubig. Ang pagdidilig ng UMMS sa dayami tuwing tag-init, ay nakatutulong upang maitaas ang sustansyang taglay nito at higit sa lahat ay upang mapabilis din ang paglusaw (*digestibility*) kapag ito na ay inihain sa mga kalabaw.

## Paano gumawa ng UMMS?

1. Ihanda ang mga sangkap na binubuo ng 96 kilo ng *molasses* o pulot, 2 kilo ng *urea* (*fertilizer grade* na 46-0-0), 1 kilo ng asin at 1 kilo ng Dicalcium Phosphate at *trace minerals*.
2. Ihanda ang *drum* na may kapasidad na 100 kg. Patuyuing mabuti pagkatapos linisin. Paghalu-haluin ang mga sangkap ng UMMS *stock solution*.
3. Takpan ang *drum* at iwasang malagyan ng tubig sa panahon ng pag-iimbak.

## Ano ang mga hakbang na dapat gawin sa paggamit ng UMMS sa dayaming pakain?

1. Kumuha ng isang litro ng UMMS sa *drum*. Takpan ulit ang *drum* ng UMMS.
2. Tunawin ang UMMS sa isang litrong malinis na tubig.
3. Gumamit ng *portable sprayer* at isalin ang *solution*.
4. Ihanda ang dayami na mga 10 kilo bawa't pagpapakain.
5. Idilig ang UMMS, haluin ang dayami at siguraduhing nabasa ito ng *solution*.
6. Ilapit ang dinilig na dayami sa mga kalabaw.
7. Ulitin ang pagdidilig ng UMMS kapag magbibigay uli ng dayami sa kalabaw.

**PAALALA:** Ang UMMS ay bagay na pandilig lamang sa dayami at iwasang ihalo sa inumin ng kalabaw.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan kay Ms. Perla Florendo sa [florendoperla@yahoo.com](mailto:florendoperla@yahoo.com)

## Ano ang sistema ng pakaing may UMMS?

Para sa kalabaw na ginagatasan:

1. Magbigay ng dayami na dinilig ng UMMS bilang karagdagang *roughage* sa tanghali at gabi. Ito ay paraan upang ang kalabaw ay makakuha ng sapat na sustansyang pampalakas (*fibrous carbohydrates*) sa panahon ng *summer* o tag-init kung saan kulang sa lunti damong sakate. Maihalalintulad ang paraan na ito sa *ad libitum roughage feeding* para panatiliin ang kalusugan ng mga kalabaw.

2. Bago gatasan ang kalabaw, ihanda ang konsentreyt na nagtataglay ng 12% na protina. Ito ay katumbas ng ulam para magbigay ng dagdag na sustansya para sa pagpapagatas. Sa simula, maaaring isagawa ang 1:2 ratio (isang kilo ng konsentreyt para sa dalawang kilo ng gatas) araw-araw. Halimbawa, magbigay ng 2.5 kilo ng suplementong konsentreyt kada limang litro ng gatas. Ulitin ito kung gagatasan ang kalabaw sa hapon.

Maaaring gumawa ng *homemade supplement* sa paggamit ng pinaghalu-halong darak ng palay (D1), darak ng mais (*corn meal*) at *copra meal* o ipil-ipil *leaf meal*, asin at iba pang mineral na mabibili sa *feed supplier*.

3. Magbigay din ng marami at malinis na tubig-inumin sa gatasan.

4. Gumawa ng talaan ng gatas at ipinapakain araw-araw. Mahalaga ito para malaman ang karampatang nutrisyon ng kalabaw sa panahon ng kanyang paggagatas tulad ng pagbabago sa dami ng dayaming dinilig ng UMMS, *supplement* at pinatuyuang mga damo o lunti sakate.

## PATNUGUTAN

Patnugot Eric P. Palacpac | Tagapamahalang Patnugot Rowena G. Bumanlag | Tagapamahala sa Isyung Ito Charlene S. Joanino | Layout Ma. Cecilia C. Irang | Mga Manunulat Ma. Cecilia C. Irang, Charlene S. Joanino | Mga Nag-ambag ng Artikulo Wilma T. del Rosario, Perla Florendo, Daniel Aquino, Nomer Garcia | Tagapamahala sa Sirkulasyon Chrissalyn L. Marcelo | Tagapayo Wilma T. Del Rosario | Kasangguni Anselmo S. Roque | Pinunong Tagapagpaganap Arnel N. Del Barrio